Lahat ng Bagay Sa PACT Act 101

OVERVIEW
NA PACT ACT



Choose VA

VA | U.S. Department of Veterans Affairs

Ano ang PACT Act?

Vietnam | Gulf War Era | Post-9/11 Afghanistan and Iraq

Ang Sergeant First Class Heath Robinson Promise to Address Comprehensive Toxics (PACT) Act of 2022

ay isang bagong batas na nagpapalawak ng health care ng VA at mga benepisyo para sa mga Beterano na nahantad sa mga burn pit at iba pang mga nakakalason na sangkap. Tinutulungan kami ng batas na ito na magbigay sa mga henerasyon ng mga Beterano—at kanilang mga survivor—ng pangangalaga at mga benepisyo na karapatan nilang makuha.

Ang PACT Act ay:

- Nagpapalawak ng eligibility sa health care ng VA para sa mga Beterano na nahantad sa lason at mga Beterano ng Vietnam era, Gulf War era, at Post-9/11 era.
- Nagpapalawak ng eligibility para sa mga benepisyo ng mga Beterano na nahantad sa mga nakakalason na sangkap.

Mga pangunahing bahagi ng PACT Act

Ang Act ay **nagpapalawak ng eligibility sa health care ng VA para sa mga Beterano na nahantad sa lason** at mga Beterano ng Vietnam era, Gulf War era, at Post-9/11 era.

Ang VA ay **magpapabuti ng proseso ng paggawa ng desisyon** para sa pagtukoy kung anong mga kondisyong medikal ang isasaalang-alang para sa presumptive status.

Ang bawat naka-enroll na Beterano ay **makakatanggap ng paunang toxic exposure screening** at isang follow-up na screening nang hindi bababa sa bawat limang taon. Ang mga Beterano na hindi naka-enroll, ngunit kwalipikadong mag-enroll, ay magkakaroon ng pagkakataong mag-enroll at tumanggap ng screening.

Ang mga kawani ng health care ng VA at mga nagpoproseso ng claim ay makakatanggap ng **edukasyon at pagsasanay na nauugnay sa pagkakahantad sa lason.**

Ang Act ay nangangailangan ng mga **pananaliksik** tungkol sa dami ng namamatay na mga Beterano na naglingkod sa Timog-kanlurang Asya sa panahon ng Gulf War, health trend ng mga Beterano ng Post-9/11, at cancer rate ng mga Beterano.

Tutulungan ng Act ang VA na bumuo ng **mas malakas, mas bihasang manggagawa** upang matugunan ang lumalaking pangangailangan sa mga benepisyo at serbisyo.

Pinahihintulutan ng Act ang **31 bagong pasilidad** sa buong bansa, na nagbibigay ng higit na access sa health care ng VA.

Eligibility sa Gulf War Era at Post-9/11

Kung ang isang Beterano ay naglingkod sa alinman sa mga lokasyon at yugto ng panahon na ito, siya ay kwalipikado para sa mga bagong presumption na nauugnay sa Gulf War. Kabilang dito ang airspace sa itaas ng alinman sa mga lokasyong ito.

Noong o Pagkatapos ng Agosto 2, 1990:

- Bahrain
- Iraq
- Kuwait
- Oman
- Qatar
- Saudi Arabia
- Somalia
- The United Arab Emirates (UAE)

Noong o Pagkatapos ng Septiyembre 11, 2001:

- Afghanistan
- Djibouti
- Egypt
- Jordan
- Lebanon
- Syria
- Uzbekistan
- Yemen

Bagong Radiation Presumptive na mga Lokasyon

Kung tinawag ka upang tumugon sa isa sa mga nakalistang misyon ng cleanup at pagtugon sa ibaba, maaari kang maging kwalipikado para sa mga presumptive ng pagkakahantad sa radiation sa ilalim ng PACT Act.

Pagsisikap na Tumugon	Mga Petsa
Cleanup ng **Enewetak Atoll**	Enero 1, 1977-Disyembre 31, 1980
Cleanup ng Air Force B-52 bomber na may dalang mga sandatang nuklear sa baybayin ng **Palomares, Spain**	Enero17, 1966-Marso 31, 1967
Pagtugon sa sunog sakay ng isang Air Force B-52 bomber na may dalang mga sandatang nuklear malapit sa **Thule Air Force Base sa Greenland**	Enero 21, 1968-Septiyembre 25, 1968

Mga Kondisyong Ipinapalagay na Konektado sa Serbisyo

Simula Agosto 10, 2022, isang mahabang listahan ng mga bagong kondisyon ang ipinapalagay na konektado sa serbisyo dahil sa iba't ibang in-service na pagkakahantad sa lason. **MAG-APPLY NA** sa **VA.gov/PACT** para mapabilis ang iyong claim at benepisyo.

- Asthma (na-diagnose pagkatapos ng serbisyo)
- Brain cancer
- Chronic bronchitis
- Chronic obstructive pulmonary disease (COPD)
- Chronic rhinitis
- Chronic sinusitis
- Constrictive bronchiolitis o obliterative bronchiolitis
- Emphysema
- Anumang uri ng Gastrointestinal cancer
- Glioblastoma
- Granulomatous disease
- Anumang uri ng Head cancer
- Mataas na presyon ng dugo (hypertension)
- Interstitial lung disease (ILD)
- Kidney cancer
- Anumang uri ng Lymphomatic
- Anumang uri ng Lymphoma
- Melanoma
- Monoclonal gammopathy of undetermined significance (MGUS)
- Neck cancer
- Pancreatic cancer
- Pleuritis
- Pulmonary fibrosis
- Anumang uri ng Reproductive cancer
- Anumang uri ng Respiratory (kaugnay sa paghinga) cancer
- Sarcoidosis

Eligibility sa Health Care Enrollment

Ang mga Beterano na naglingkod sa mga sumusunod na lokasyon at yugto ng panahon ay maaaring mag-enroll sa health care ng VA **NGAYON**:

- **Republic of Vietnam** (sa pagitan ng Enero 9, 1962 at Mayo 7, 1975)
- **Thailand sa anumang base ng US o Royal Thai** (sa pagitan ng Enero 9, 1962 at Hunyo 30, 1976)
- **Laos** (sa pagitan ng Disyembre 1, 1965 at Septiyembre 30, 1969)
- **Ilang Probinsya sa Cambodia** (sa pagitan ng Abril 16, 1969, at Abril 30, 1969)
- **Guam o American Samoa o sa kanilang teritoryong katubigan** (sa pagitan ng Enero 9, 1962 at Hulyo 31, 1980)
- **Johnston Atoll, o sa barko na tumawag doon** (sa pagitan ng Enero 1, 1972 at Septiyembre 30, 1977)

Ang mga Beterano ng Vietnam era ay maaari na ngayong mag-apply para sa dalawang bagong presumptive condition ng Agent Orange:

- **Monoclonal gammopathy of undetermined significance (MGUS)**
- **Hypertension (mataas na presyon ng dugo)**

Espesyal na Panahon ng Enrollment: Oktubre 1, 2022 - Oktubre 1, 2023

para sa mga combat Veteran ng Post-9/11 na humiwalay o na-discharge sa pagitan ng Septiyembre 11, 2001 at Oktubre 1, 2013. Libre ang enrollment, walang taunang gastos, at maaaring libre rin ang pangangalaga!

Eligibility sa Health Care Enrollment

SINO: Lahat ng Beterano na naka-enroll sa health care ng VA

ANO: Isang mabilis (5-10 minuto) na serye ng mga tanong upang tukuyin at idokumento ang anumang mga potensyal na pagkakahantad sa lason sa panahon ng serbisyo militar

KAILAN: Hindi bababa sa isa bawat 5 taon

SAAN: Sa mga medical center at clinic ng VA

BAKIT: Sinusuportahan ang mga pangmatagalang planong pangkalusugan ng mga Beterano at may kaalaman sa buong health care

PAANO: Maaaring magtanong ang mga beterano tungkol sa screening sa kanilang susunod na VA appointment



Paghain ng mga Claim upang Makatanggap ng mga Benepisyo

Ang mga Beterano ay maaaring maghain ng claim para sa mga bagong presumptive condition:

- **Bagong Claim**—ang Beterano ay hindi pa kailanman naghain para sa presumptive condition
- **Karagdagang Claim**—ang presumptive condition ay dating tinanggihan ngunit ngayon ay itinuturing nang presumtive

- Kung tinanggihan ng VA ang isa sa mga bagong presumptive condition sa nakaraan ngunit ang Beterano ay maaari na ngayong maging kwalipikado para sa mga benepisyo, susubukan ng VA na makipag-ugnayan sa kanila. Hindi na kailangang maghintay para maghain ng Karagdagang Claim.

- Binibigyang-priyoridad ng VA ang mga claim ng mga Beterano na may kanser upang matiyak na makakakuha sila ng napapanahong access sa pangangalaga at mga benepisyong kailangan nila.

- **Pending na mga Claim:** Kung ang kondisyon ng Beterano ay naidagdag sa listahan ng mga presumptive condition* pagkatapos maihain ng claim, isasaalang-alang ito ng VA sa presumptive basis.

*Ang mga presumptive condition ay hindi nangangailangan ng patunay na ang serbisyong militar ang sanhi ng kondisyon. Kailangan lamang ng mga Beterano na matugunan ang mga kinakailangan sa serbisyo at magkaroon ng kasalukuyang diagnosis ng presumptive conditon. Dapat magbigay ang mga Beterano ng anumang pangsuportang dokumentasyon upang tumulong sa kanilang claim.

Iba pang Apektadong mga Beterano at mga Survivor

Paano naman ang mga karagdagang benepisyo at pangangalaga para sa ibang mga Beterano at kanilang mga survivor?

Sa ilalim ng PACT Act, ang mga survivor ay maaaring maging kwalipikado para sa mga benepisyo ng VA, kabilang ang Dependency at Indemnity Compensation at mga Burial benefit.

- Dependency at Indemnity Compensation
- Mga Burial Benefit

Kamtin ang pangangalaga at mga benepisyo na PINAGHIRAPAN at KARAPATAN mo!Mag-apply sa VA.gov/PACT ngayon.

Kailan o Paano Ako Dapat Maghain ng Claim?

MAG-APPLY NA!

Paano kung tinanggihan ako dati?

Ang mga Beterano na dating tinanggihan ng claim na nauugnay sa pagkakahantad sa lason ay hinihikayat na maghain ng karagdagang claim. Kapag natanggap ang isang karagdagang claim, susuriin ng VA ang claim sa ilalim ng bagong batas.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang VA.gov/PACT *o tumawag sa* 1-800-MyVA411